ISSN 2672-2879

Tomo 1 Blg. 5, Setyembre-Oktubre 2019

# CaraBalitaan

Opisyal na Tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones

## Sa tamang oportunidad, tiyak na may pag-unlad

NI **CHARLENE CORPUZ**

**Sa loob pa lamang ng ilang buwan na pakikilahok sa programa ng Philippine Carabao Center (PCC), napatunayan na ni Dominic Paclibar, isang negosyanteng magkakalabaw mula sa Sangat, M'lang, North Cotabato, ang maraming benepisyo at mahusay na potensyal ng mga gatasang kalabaw.**

Nagsanay siya sa PCC ng "Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP)" upang higit pang matutunan ang kabuhayang salig sa gatasang kalabaw at mga teknolohiyang kalakip nito.

Ilan lamang sa mga pinagkukuhanan niya ng kita sa pagkakalabawan ay ang gatas, *manure,* at *napier.* Mula sa mga sariwang *napier,* mayroon din siyang produksyon ng "silage" na nagsisilbing pakain sa 26 na inaalagaang kalabaw (5-*Italian,* 20-*crossbred,* 1-bulugan).

Ang 25 gatasang kalabaw ay ipinagkatiwala ng PCC noong Mayo 17.

Ang kauna-unahang kita niya ay mula sa pagbebenta ng *napier* bilang *planting materials* at sariwang damo mula sa kanyang 11 ektaryang taniman. Ang *napier* ay ang pangunahing tanim na pinaglaanan niya ng kanyang lupain, saad niya. Inihanda na niya ang mga ito bilang preparasyon sa pagdating ng mga gatasang kalabaw.

"Hindi pa man ako kumikita sa gatas ng mga kalabaw noon dahil nagsisimula pa lamang ay naranasan ko na ang kumita mula sa mga pakain dito," masaya niyang pagbabahagi.

"Expense against our gross income", malinaw kay Ka Dominic ang pananaw niya sa pagnenegosyo at iyon ay ang magkaroon ng masaganang ani at kita. Kaya naman, kalakip nito ang kanyang pagsisigasig na mapaunlad ang kaalaman at maging aktibo sa pakikilahok sa programa ng PCC.

"Ang pinakamalaking pakinabang

**SUNDAN SA P. 3**




### Bilang suporta sa *National Feeding Program*

## Mga magsasaka hinikayat pataasin ang produksyon ng gatas

NI **MA. CECILIA IRANG**

**Ang bagong batas na magsasagawa ng isang *national feeding program* para sa mga kabataang Pilipino sa mga pampublikong paaralan, na kulang sa nutrisyon *(undernourished)*, ay naglikha ng mas mataas na pangangailangan sa gatas na ipoprodyus ng bansa.**

Dahil dito, magbibigay ito ng mga oportunidad para magkaroon ng ganap na kabuhayan ang mga maggagatas at mapalago ang lokal na industiya ng paggagatasan.

Sa paksang ito uminog ang pambungad na pananalita ni PCC *Executive Director* Dr. Arnel del Barrio sa selebrasyon ng ika-13 Gatas ng Kalabaw Festival noong Oktubre 8 na ginanap sa Gen. Natividad kaalinsabay ng ika-100 araw sa tungkulin ng bagong halal na alkalde na si Mayor Anita Arocena.

"Sigurado na ang *market*, nakahanda na nga ang pondo para sa programa nguni't kulang ang *supply* natin ng gatas. Tulungan niyo po kami

**SUNDAN SA P. 2**

## Unang yugto ng implementasyon ng ALAB-Karbawan idinaos sa 2 probinsiya ng Zamboanga Peninsula

NI **DORIE BASTATAS**

**Napili ng Philippine Carabao Center sa Mindanao Livestock Production Center (PCC@MLPC) ang Dapitan, Zamboanga del Norte at Dumalinao, Zamboanga del Sur bilang mga lugar sa pagtataguyod ng unang yugto ng *provincewide development project* ng PCC na tinatawag na "Accelerating Livelihood & Assets Buildup" o ALAB-Karbawan.**

Ang nasabing proyekto ay isinagawa ng PCC sa pakikipagtulungan sa mga lokal na kooperatiba na kinabibilangan ng Antipolo Primary Multi-purpose Cooperative sa Brgy. Antipolo, Dapitan City at Baclay Multi-purpose Cooperative sa Tukuran, Zamboanga del Sur.

**SUNDAN SA P. 3**

## Mga magsasaka hinikayat... MULA SA P. 1



na makolekta ang gatas na 'yan, maproseso at maipainom sa mga batang Pilipino," ani Dr. Del Barrio.

Matatandaang nilagdaan ni Pangulong Duterte noong Hunyo 2018 ang *Republic Act 11037* o Masustansiyang Pagkain Para sa Batang Pilipino *Act*. Layunin nito na tugunan ang problema sa malnutrisyon ng mga kabataang edad 3 hanggang 12 sa mga *day-care center, kindergarten*, at elementarya.

Sa ilalim ng batas, ang gobyerno ay magbibigay ng *supplemental feeding program* para sa mga *daycare children*, na ipatutupad ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) at *local government units* (LGUs); *school-based feeding program* para sa mga mag-aaral ng pampublikong paaralan mula *kinder* hanggang Grade 6, na ipatutupad naman ng Department of Education (DepEd); at *milk feeding program*, kung saan kabilang ang gatas sa *food menu* na ipapakain sa mga bata. Kasama sa programa ang pagpapainom ng 100 ml hanggang 200 ml ng gatas sa mga kabataang mababa ang nutrisyon. Ito ay isasagawa sa pakikipag-ugnayan sa PCC, National Dairy Authority (NDA), at Cooperative Development Authority (CDA).

Hiniling ni Dr. Del Barrio sa mga magsasaka na hindi lamang doblehin kundi gawing triple ang produksyon ng gatas. Sinabi rin niya ang kahalagahan ng gampanin at kontribusyon ng mga maggagatas para matugunan ang hamon na ito.

"Unti-unti, kami po sa PCC, NDA, at CDA, kasama ang mga LGUs, ay mangangampanya po sa lahat ng mga munisipyo para kumbinsihin ang mga magsasaka na pag-ibayuhin pa ang produksyon ng gatas," wika niya.

Binanggit din ni Dr. Del Barrio na nakalinya sa adhikain ng Department of Agriculture na "Masaganang Ani at Mataas na Kita", ang *slogan* ng General M. Natividad na "Angat Natavideño, Isulong Natin ang Tagumpay at Asensong Para sa Lahat". Ang Gen. Natividad ang nagsilbing *host* sa taong ito ng Gatas ng Kalabaw Festival.

Ang taunang "festival", sa pakikipagtulungan ng Department of Trade and Industry (DTI), ay naglalayong itaguyod ang gatas ng kalabaw hindi lamang para sa ikauunlad ng ekonomiya kundi maging sa ikahuhusay ng kalusugan at nutrisyon ng mga magsasakang maggagatas, kabilang na ang kani-kanilang pamilya, at ng sambayanan.

Ito ay sama-samang itinataguyod ng isang *technical working group* na kinabibilangan ng DTI, PCC, DAR, DA at maging ang mga panlalawigan at lokal na pamahalaan.

Naging tampok sa magkatuwang na pagdiriwang ang masiglang "tagay-pugay", isang aktibidad ng sabay-sabay na pag-inom ng gatas ng kalabaw ng mga lumahok sa programa na kinabibilangan na rin ng mga batang mag-aaral at mga kinatawan mula sa *partner private institutions* at mga ahensiya ng gobyerno.

Sa kabilang banda, ginawaran ng DTI ng pagkilala ang PCC bilang "most outstanding partner agency" nito sa pagsusulong at pagtataguyod ng mga kooperatiba at industriya ng paggagatas sa Nueva Ecija.

Pagkatapos ng programa, nagpainom din ng gatas ng kalabaw sa 400 mag-aaral sa General Natividad Central School. Ang gatas ay ipinagkaloob ng Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO).

Ang pagdiriwang ay dinaluhan ng 800 kalahok na kinabibilangan ng pribadong sektor, lokal na pamahalaan, mga ahensiya ng gobyerno, estudyante, guro, magsasakang maggagatas, at iba pa.

# Pagtatatag ng negosyong paggagatasan sa bayan ng Piat, Cagayan

NI AILEEN BULUSAN

**Ang Piat ay isang bayan na matatagpuan sa lalawigan ng Cagayan na ang pangunahing pinagkukuhanan ng ikabubuhay ng mga mamamayan nito ay sa agrikultura.**

Ang mayamang lupa ng nasabing bayan ay natataniman ng mais, tubo, palay, tabako at sari-saring gulay. Ito'y may dalawang ilog: ang Zaltan at ang Chico River na kung saan ang mga mamamayan ay nangingisda. Kadalasan, sa dalawang ilog na ito dinadala ng mga magsasaka ang kanilang mga alagang hayop gaya ng kalabaw upang painumin at paliguan.

Base sa datos ng Philippine Statistics Authority (PSA), noong 2010 ang bayan ng Piat ay mayroong 1,767 na babaing kalabaw at 2,279 naman ang lalaki. At sa kasalukuyan, ayon sa nakalap na datos ng Philippine Carabao Center (PCC), mayroong 1,143 na *crossbreds* sa lugar kung saan 568 ang babae at 575 naman ang lalaki. Ang mga kalabaw sa lugar ay katuwang ng mga magsasaka sa gawaing bukid at sa kanilang mga maisan.

Matatagpuan din sa bayan ng Piat ang dinarayong Basila Minore ng Our Lady of Piat. Ito ay maituturing na "tourist destination" ng lugar. Sa katunayan, ang bayang ito ay tinaguriang "Pilgrimage Center of Cagayan Valley"

Sa Piat din makikita ang 150 ektaryang lupa na ipinagkaloob sa PCC ng Cagayan State University (CSU) Piat Campus upang magsilbing tahanan ng mga *native swamp buffaloes* at iba't ibang lahi ng kalabaw na nagsisilbing *breeding animals* ng *farm* para sa *stocks infusion*.

Dahil sa nakitang potensiyal sa lugar, noong Setyembre 9, nabigyan ng pagkakataon ang pinuno ng ahensiya ng PCC@CSU na si Prof. Franklin Rellin na talakayin sa harap ng 18 Punong Barangay ng bayan ng Piat ang kanyang hangaring maitatag sa lugar ang negosyong paggagatasan. Hindi naman siya nabigo, sapagka't sinang-ayunan ng Asosasyon ng mga Punong Barangay ang kanyang layunin at inaprubahan ng Punong Bayan ng Piat na si Carmelo Villacete.

SUNDAN SA P. 3



## Pagtatatag ng negosyong... MULA SA P. 2

Sa kasalukuyan, tuwing Martes at Huwebes ng linggo simula noong Setyembre 12, ang grupo ng mga taga PCC@CSU ay nagtutungo sa nasabing bayan para magsagawa ng *animal inventory and profiling* ng mga kalabaw.

Ang mga impormasyon na makakalap ay kakailanganin sa gagawing "data base" para sa lugar. Ang bawa't kalabaw ay binibigyan ng numerong pagkakakilanlan (I.D. no.) sa *data base*, habang ang mga *crossbreds* at *purebreds* lamang ang nilalagyan ng *ear tag number*.

Kasabay nito, nagsasagawa rin ang grupo ng PCC ng libreng pagpupurga at pagbibigay ng bitamina sa lahat ng kalabaw na dinadala tuwing Martes at Huwebes. Mayroon ding isinasagawang *Pregnancy Diagnosis (PD), Synchronization* at *Artificial Insemination (A.I)* sa mga babaing kalabaw depende sa kanilang *status*.

Sa pamamagitan ng pag-i-imbentaryo at pangangalap ng mga importanteng datos, malalaman din kung sinu-sino sa mga magsasaka ang maaaring dumalo sa gaganaping *Dairy Buffalo Management Training* at *Milk Handling and Processing Training*. Sa pamamagitan nito, madaragdagan ang kanilang kaalaman tungkol sa negosyong paggagatasan upang mapataas ang kanilang kita kasabay ng pagbuti ng kanilang buhay. Inaasahang magiging mabenta ang mga produktong galing sa gatas ng kalabaw sa nasabing lugar dahil ito ay dinarayo ng mga turista.

Umaasa ang PCC na ang programang ito ay makatutulong sa mga mamamayan ng Piat, partikular sa mga magsasakang nag-aalaga ng kalabaw na maiangat ang antas ng kanilang kabuhayan at mapataas ang produksyon ng gatas. Pinapangarap ng ahensiya na balang araw ay matulad ang bayan ng Piat sa bayan ng San Agustin, Isabela, na itinuturing na umuunlad na bayan sa negosyong paggagatasan.

## Sa tamang oportunidad... MULA SA P. 1



sa *napier* at *silage* ay natitiyak natin ang seguridad ng sapat at wastong pakain sa mga gatasang kalabaw dumating man ang panahon ng El Niño. Ang wastong nutrisyon ang susi sa pagiging produktibo ng ating mga inaalagaang kalabaw," saad ni Ka Dominic.

Ang produksyon niya ng *napier* sa isang buwan ay umaabot sa 15 tonelada na naipagbibili sa halagang 50 sentimos kada kilo. Mula rito ay mayroon siyang Php7,500 kada buwan.

"Maituturing ko na may magandang oportunidad na hatid ang aking kabuhayan sapagka't nakatuon ako na palaguin ang aming negosyo sa pamamagitan ng *custom feeding*," paliwanag ni Ka Dominic.

Mayroong 25 bulugang kalabaw na ipagkakatiwalang muli ng PCC sa ikalawang linggo ng Nobyembre sa mga pribadong indibidwal, kung saan ang *farm* si Ka Dominic ang nakasundong magsuplay ng *silage* at iba pang pakain. Kabilang rin siya sa mga nakatakdang magsuplay ng gatas para sa *Milk Feeding Program* sa North Cotabato.

Maliban dito, nakatakda rin nilang palaguin ng kanyang may-bahay na si Ma. Elisa ang pagnenegosyong buhat naman sa paggagatas ng mga kalabaw. Sinisimulan nila ito sa pagpoproseso ng mga *milk-based products*. Nasasabik na rin sila na ilabas sa merkado ang mga minatamis na mayroong gatas ng kalabaw at sariwang prutas na ipinagmamalaki ng Cotabato.

Sa kasalukuyan, isinasa-ayos nila ang *permit* mula sa Department of Trade and Industry (DTI) kasabay ang pagtatayo ng *dairy outlet* sa kanilang lugar.

## Unang yugto... MULA SA P. 1

ALAB KARBAWAN

Ang ALAB-Karbawan ay pinahusay na bersiyon ng *National Impact Zone* o *Regional Impact Zones Development* para sa mga negosyong salig sa kalabaw sa kanayunan. Ito ay pinangungunahan ng PCC sa pakikipagtulungan sa mga lokal at iba't ibang sangay ng pamahalaan, mga kooperatiba, mga negosyong pang-agrikultura, at mga magsasaka.

Layunin ng proyekto na maisulong at lubos na mapaghusay ang lokal na industriya ng gatas, maging tampulang kasosyo ang mga kooperatiba at LGU, mahikayat ang mga kababaihan na sumali sa mga programa, at magtatag ng mga angkop na *supplier* ng gatas para sa *milk feeding program.*

Kaakibat nito, ang PCC@MLPC ay nagsagawa ng *Social Preparation Training* noong Agosto 19-20 sa Dapitan City at Setyembre 11-12 naman sa Dumalinao, Zamboanga del Sur. Lumahok ang 30 magkakalabaw at 10 kawani mula sa *Municipal Agriculture Office*. Kabilang din sa mga dumalo sina *PCC@MLPC Carabao-based Enterprise Development Coordinator* Fe Emelda Academia at *Area Project Leaders* Edmund Calvo Jr., ng Zambonga del Sur at Genelyn Sularte ng Zamboanga del Norte.

Nagkaroon din ng *writeshop* at kaugnay na mga gawain para sa ALAB-Karbawan Cooperative Dairy Farm noong Setyembre 23-24 sa DAO Sports Complex, Pagadian City.

Maliban dito, sinimulan din ang *Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production* (FLS-DBP) noong Oktubre 29 sa Antipolo, Dapitan City at Oktubre 30-31 naman sa Dumalinao, Zamboanga del Sur para mas matutunan nila ang mga mahahalagang aspeto sa wastong pamamahala at produksyon ng mga gatasang kalabaw.

# PCC@DMMMSU nagpamahagi ng mga gatasang kalabaw sa asosasyon ng maggagatas

NI **MA. CECILIA IRANG**



**Nagkaloob ng 12 gatasang kalabaw sa Agoo Dairy Raisers and Farmers Association (ADRFA) ang PCC sa Don Mariano Marcos Memorial State University (PCC@DMMMSU) noong Oktubre 15, bilang bahagi ng "paiwi program" nito.**

Sa isang *awarding ceremony* na ginanap sa Agoo Civic Center, Agoo, La Union, naging posible ang aktibidad sa pakikipagtulungan sa PCC ng lokal na pamahalaan ng Agoo, La Union at pangunguna ni *Congresswoman* Sandra Eriguel.

Ayon kay PCC@DMMMSU *Center Director* Gloria Dela Cruz, noong 2018 ay nakita ni Cong. Eriguel ang potensiyal ng programa at proyekto sa paggagatasan kaya naman pormal siyang humiling sa tanggapan ng PCC na kung maaari ay maasistehan siya na magkaroon ng proyektong gaya nito para makatulong sa mga mamamayan sa lugar na kanyang nasasakupan.

Bilang tugon ay naglaan ng Php1 milyong pondo ang PCC para sa pagbili ng mga gatasang kalabaw na ipagkakaloob sa mga magsasaka sa barangay Nazareno, Agoo, La Union.

Sinabi rin ni Dir. Dela Cruz na nauna na silang nagkaloob ng limang kalabaw sa nasabing asosasyon noong Disyembre 2018. Nasa kabuuang 17 kalabaw ang bilang ng mga kalabaw na naibahagi sa mga magsasaka.

Sa tulong ng mga *village-based artificial insemination technicians*, na inaasistehan ng PCC@DMMMSU, nakahanap at nakabili, aniya, ang PCC ng mga magagandang kalabaw na pag-aari ng mga magsasaka.

Ang mga gatasang kalabaw na nabili at ipinagkaloob sa mga magsasaka ay mga *crossbreds* (75%-85%) na ang edad ay nasa 2 ½ taon hanggang apat na taong gulang.

Sinabi naman ni PCC *Executive Director* Dr. Arnel del Barrio sa kanyang mensahe na ang mga gatasang kalabaw na ipinamahagi ay bilang paghahanda para sa *national feeding program* kung saan kakailanganin ang *supply* ng gatas at bilang suporta na rin sa layunin ng Department of Agriculture na masaganang ani at mataas na kita para sa mga magsasaka.

Sa kasalukuyan, mayroon nang nagpoprodyus ng gatas at mga buntis sa mga kalabaw na ipinamahagi. Inaasahang gagatasan ito ng mga benepisyaryo para mapakinabangan nila ang mga ganansiyang hatid ng gatasang kalabaw.

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED: ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

# iASK

inyong alamin solusyong kaya natin!

## Ano ang *African swine fever o ASF?*

ni ***Charlene Joanino***

**Ang ASF ay isang sakit na dulot ng *virus* sa baboy. Ito ay malalaman sa mga sinyales na pagkakaroon ng tila mamula-mulang pasa sa balat ng baboy, panghihina, pagkawala ng ganang kumain, mataas na lagnat, at pagtatae.**

Walang gamot o bakuna sa sakit na ito. Wala ring epekto ang ASF sa tao.

## Paano masusugpo ang ASF?

Base sa inilabas na kautusan ng Department of Agriculture (DA), mahigpit na ipinatutupad ang "1-7-10 Protocol" upang maiwasan ang paglaganap ng nasabing sakit.

Nakasaad sa protocol na sa panahon na madeterminang may baboy na namatay dahil sa ASF, lahat ng baboy na nakapalibot sa loob ng 1 km *radius* sa lugar na pinangyarihan ay kinakailangan na patayin. Sa loob naman ng 7 km *radius* palibot ay ititigil ang paglalabas at pagpasok ng baboy at kukuhanan ng *samples* ang mga *farms*. Habang ang lahat ng farms na nasa 10 km *radius* palibot ay kinakailangang magsumite ng *report* kaugnay ng ASF.

## Saan maaaring makipag-ugnayan kung may kaso ng ASF sa lugar?

Ipagbigay alam sa *LGU Veterinary office* ang anumang kaso ng pagkamatay ng baboy dahil sa ASF. Maaari ring makipag-ugnayan sa *DA Crisis Management Task Force* sa mga numerong 0995-132-9339 at 0920-854-3119.


## CaraBalitaan

Ang **CaraBalitaan** ay isang pahayagan ng Philippine Carabao Center na inilalathala isang beses kada dalawang buwan para sa mga kliyente nitong magsasakang maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.

Ang salitang "impact zone", samantala, ay isang lugar o magkakalapit na mga lugar kung saan lahat ng kailangang sangkap para sa tuluy-tuloy na pag-unlad ng kabuhayang salig sa kalabaw ay pinagsasama-sama sa layuning makalikha ng makahulugang pagbabago sa kanayunan at kalaunan ay sa kabuuang lipunan. Ang probinsya ng Nueva Ecija ang naitalaga na National Impact Zone habang ang piling mga bayan naman na nasasakupan ng *PCC regional centers* ang tinaguriang Regional Impact Zones.



## PATNUGUTAN

**Patnugot:** Eric P. Palacpac
**Tagapamahalang Patnugot:** Rowena G. Bumanlag
**Tagapamahala sa Isyung Ito:** Ma. Cecilia C. Irang
**Manunulat:** Ma. Cecilia C. Irang, Charlene S. Joanino, Charlene P. Corpuz
**Nag-ambag ng Artikulo:** Dorie D. Bastatas, Aileen L. Bulusan
**Layout:** Ma. Cecilia C. Irang
**Tagapamahala sa Sirkulasyon:** Charlene P. Corpuz
**Pinunong Tagapagpaganap:** Arnel N. Del Barrio